PAHAYAGAN NG
Kabitenyo
ISSN-1656-0558
In God We Trust
VOL. 20 NO. 10 MAY 3 - 9, 2021 10.00

# Ceremonial vaccination sa ilang essential workers, isinagawa sa Araw ng Paggawa

By Charmaine Odong

**Matagumpay na nabigyang proteksiyon laban sa COVID-19 ang 10 piling essential workers mula sa iba't-ibang sektor kasabay ng pagdiriwang sa Araw ng Paggawa sa Paseo de Uno, Calamba City noong Sabado, Mayo 1.**

Ang naturang symbolic vaccination rollout ay pinangunahan nina Department of Health IV-A Assistant Regional Director Paula Paz-Sydiongco, Department of Labor and Employment (DOLE) IV-A Regional Director Exequiel Ronie A. Guzman at Laguna Provincial Health Office Dr. Rene Bagamasbad.

Ilan sa mga essential workers na bahagi ng A4 priority group ang nabigyang bakuna kontra COVID-19 ay mga bus driver, janitor, food chain manager, business owner at iba pa na kabilang sa frontline sa gitna ng laban sa pandemya.


Paghihikayat ni DOH-CHD Assistant Regional Director Dr. Sydiongco, kahit na mayroong bakuna na ay mahalaga pa rin ang “prevention” dahil bahagi na ito ng new normal na pamumuhay upang mapanatiling ligtas ang sarili sa sakit.

“Kahit ma-immunize kayo ngayon patuloy tayo sa pagsusuot ng face mask, ito na ang new normal natin ngayon, gagamit talaga tayo ng face shield at face mask, ang sabi sa mga pag-aaral eto ay nakakapagprovide ng 90-95% protection kasama ang social distancing,” pahayag ni Dr. Sydiongco.

Ayon naman kay Laguna PHO Dr. Rene Bagamasbad, isang magandang pagkakataon at simula para sa A4 Priority Group ang pagbabakuna sa mga nakiisang manggagawa upang mas mahikayat pa ang mas nakararami na magtiwala sa bakuna.

Samantala, kasabay ng ilang manggagawa ay tinanggap na rin ni DOLE IV-A Regional Director Exequiel Ronie A. Guzman ang unang dose ng Sinovac vaccine bilang proteksyon karagdagang proteksiyon sa COVID-19.

Katuwang rin sa pagbabakuna ang Calamba City Health Office sa pangangasiwa ni Dr. Adelino Labro kasama ang ilang mga kawani ng lokal na pamahalaan at mga nurse na sina Nurse III Ruby San Diego at Nurse II Gina Malabanan na nagbigay bakuna sa mga manggagawa. (CO/PIA4A)



*Isinagawa ang pagbabakuna sa 10 essential workers mula sa iba't-ibang sektor nitong Sabado, ika-1 ng Mayo bilang bahagi ng pagbibigay pugay sa mga manggagawang Pilipino sa Araw ng Paggawa. (DS/PIA4A)*

# Cayetano at ka BTS sa Kongreso nagbigay ng 10K ayuda sa Araw ng Manggagawa

**Nagbigay si dating Speaker Alan Peter Cayetano at kanyang mga kaalyado mula sa kilusang Balik sa Tamang Serbisyo (BTS) sa Kongreso ng P10,000 na cash na tulong bawat isa sa halos 200 na mga benepisyaryo mula sa buong Pilipinas noong Sabado, Mayo 1, bilang bahagi ng kanilang kampanya para sa agarang pagpasa ng panukalang 10K Ayuda Bill at sa pagdiriwang ng Araw ng Manggagawa.**



**Former House Speaker Alan Peter Cayetano**



Sa layuning maabot ang pinakamahirap at pinaka-vulnerable na sektor na matinding naapektuhan ng pandemya, nagsagawa si dating Speaker Cayetano at ang kilusang BTS ng isang live virtual event na tinawag na "Sampung Libong Pag-asa" kung saan nagbigay sila ng tulong na salapi sa halos 200 na mga benepisyaryo mula sa 13 lugar sa Pilipinas.

Ang mga lugar na ito ay Batangas, Bulacan, Cavite, Camarines Sur, Caloocan City, Marikina City, Quezon City, Taguig City, Mandaluyong City, Pateros, Sta. Rosa City sa Laguna, Antipolo City sa Rizal, at Ormoc City sa Leyte.

“Mga tunay na tao ito na tunay ang problema, na bago magkaroon ng pandemya ay hirap na at ngayon ay hirap na hirap. Ilan lang ang [nabigyan] today, at bagama't maraming na-i-inspire na gusto ring tumulong, kailangan pa rin talaga natin itong batas na ito para lahat mabigyan,” sabi ni Cayetano.

“Hopefully, itong gagawin natin today, in the spirit of bayanihan through private sponsors and donors, ma-encourage ang Congress pag-open ng May 17 na ‘yung 10K Ayuda Bill at Bayanihan 3 ay itulak (see page 5)

## LGU Imus City inoculates senior citizens thru house to house

(see page 5)

## Church offers use of school to augment shortage in isolation facilities

(see page 5)

CASA MUSICA DE DASMARINAS
51 Don Placido Campos Ave., Dasmarinas, Cavite
Tel. Nos.: (046) 416-3678 / 416-0225 • Cell. No. 0919-8145717
Gloria Sapida-Austria
DIRECTRESS

ACCEPTING ADS - 0928-4682788 * E-mail add: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com

# Problema sa kidney at UTI

DOC WILLIE - Dr. Willie T. Ong

Mag-ingat dahil marami ang may sakit sa kidneys. Narito ang ilang mahahalagang payo kung paano iingatan at mapapangalagaan ang ating kidneys o mga bato.

1. Ang nephrotic syndrome ay isang sakit kung saan ang isang tao ay naglalabas ng protina ang mga kidneys ng pasyente at puwedeng magmanas ang paa at mukha.

2. Kung may sakit sa kidneys, mag-ingat sa high-protein diet tulad ng Southbeach at Atkin's diet dahil ito'y magpapahirap sa trabaho ng kidneys.

3. May 2,000 Pilipino kada taon ang nangangailangan ng dialysis. Kalahati sa kanila ay walang pera para umpisahan ang dialysis.

4. Ang dialysis ay isa sa pinakamahal na gamutan. Aabot ng P3,000 bawat dialysis at P36,000 kada buwan ang gastos

5. Sa National Kidney Institute, 200 pasyente ang nag-hihintay ng kid-ney transplant. Ang kidney transplant ay nagkakahalaga ng P1.5 million para sa pribadong pa-syente at P500,000 sa charity case.

6. Huwag araw-arawin ang pag-inom ng pain relievers dahil ito'y makasisira ng kidneys.

7. Umiwas sa mga maaalat na pagkain at sawsawan, dahil nakasasama ito sa kidneys. Bawasan ang pagkain ng toyo, patis, bagoong, alamang at tuyo.

8. Iwasan din ang pagkain ng junk foods at sitsirya na maraming vetsin.

9. Kung mahilig sa instant noodles, bawasan ang alat (seasoning) na inilalagay dito. Kalahati lang ang ilagay para hindi mahirapan ang ating kidneys.

10. Tandaan, uminom ng walo hanggang 12 basong tubig sa maghapon para manatiling malinis ang ating ka-tawan. Kapag healthy pa, tubig ang gusto ng ating kidneys.

Marami ang may impeksyon sa ihi o Urinary Tract Infection (UTI). Narito ang ilang kaalaman sa UTI.

1. Ang simpleng UTI ay puwedeng umakyat sa kidneys at makasira nito. Puwede itong magdulot ng kidney fail-ure na mangangailangan ng dialysis.

2. Mas madalas magkaroon ng UTI ang kababaihan dahil maiksi ang daanan ng ihi nila, hindi katulad ng mga kalalakihan.

3. Uminom ng dalawang basong tubig kada apat na oras para sa healthy kidneys. Mga walo hanggang 12 baso kada araw. Pero huwag din lalampas sa 16 na baso sa isang araw.

4. Ang tinatawag na Honeymoon Cystitis ay ang pagkakaroon ng impeksiyon sa ihi na nangyayari pagkatapos ng unang pagtatalik.

5. Pagkatapos magtalik, piliting umihi at maglinis din ng puwerta para hindi magkaroon ng impeksiyon.

6. Isa sa apat na mag-aaral sa pub-lic school ay may problema sa pag-ihi o may impeksyon sa ihi.

# EDITORYAL -
## Daming matigas ang ulo

MARAMING beses nang nagbabala ang pamahalaan sa mga pasaway o matitigas ang ulo na hindi nagsusuot ng face mask o kung nagsusuot man ay nakalabas ang bibig at ilong, pero sa kabila nito marami pa rin ang hindi sumusunod. Balewala rin kahit iniutos na ni President Duterte na arestuhin ang mga walang face masks at ikulong ng siyam na oras. Nabanas na ang Presidente kaya nag-utos na. Sabi ng Presidente, naka-face mask nga pero nakalabas naman ang bibig at ilong. Kahapon, mahigit 6,784 ang naireport ng DOH na kaso ng COVID. Bagama't bahagya nang bumababa ang bilang hindi ito dahilan para suwayin ang health protocols.

Mula nang ipag-utos ng Presidente ang paghuli sa mga pasaway, nakahuli ng 18,000 sa unang araw nang pagpapatupad. May mga binigyan ng warning, pinagmulta, at ang iba ay isinailalim sa community service. Sabi ng DILG, ipatutupad nila nang buong husay ang kautusan ng Presidente laban sa mga hindi nagsusuot ng face masks at ganundin naman sa mga mali ang paraan nang pagsusuot. Sinabi rin ng DILG na mahigpit din nilang ipatutupad ang pag-huli sa mga lumalabag sa mass gatherings.

Noong Linggo, isang resort sa Caloocan City ang lumabag sa pinag-uutos ng IATF makaraang buksan ito sa publiko. Dumagsa ang tao sa Gubat- sa Ciudad at naglunoy na walang pakialam kung dapuan man sila ng virus. Dikit-dikit sila at kumpul-kumpol. Ipinasara na ang resort at ayon sa report, hindi na ito makapagbubukas pa. Kina-suhan na rin ang may-ari ng Gubat sa Ciudad.

Ngayong nasa GCQ na ang NCR at apat na pro-binsiya, posibleng marami na naman ang maging pasaway dahil nagluluwag na. Marami na namang magkukumpul-kumpol at baka dahil dito, dumami ang magkahawaan. Sabi ng ilang eksperto kapag hindi napigilan ang pagkukumpulan na walang face masks, maaaring matulad sa India na marami ang nagkahawa-hawa at namatay.

Huwag naman sana. Makabubuting sumunod sa health protocols ang mamamayan. Mag-face mask, face shield at iwasang magkumpul-kumpol. Huwag matigas ang ulo. Para ito sa kaligtasan ng lahat.

# Ang pagtatanggol sa soberenya

Lahat tayo ay tutol sa marahas na pakikipagdigma. Pero hindi naman nangangahulugan na ang pagtindig natin sa soberenya ng ating bansa ay paghahamon ng digmaan.

Mainit pa ring usapin ang pananaklaw ng mga sasak-yang pandagat ng China sa West Philippine Sea. Ngunit sa halip na sawayin ng mismong namumuno sa ating bansa, tila kinakatigan pa. Bagama't naghahain ng diplo-matic protest ang Department of Foreign Affairs na hindi naman pinapansin ng China, iba naman ang ipinahihiwatig ng Pangulo.

Aniya, dahil sa kapabayaan ng nakaraang adminis-trasyon ni Noynoy Aquino, ang China na ngayon ang nag-mamay-ari sa kabuuan ng South China Sea o West Philip-pine Sea. Maling senyales ang inihahatid ng ganyang mga pananalita ng Pangulo sa international community. Lumi-litaw na isinuko na natin sa China ang ating karapatan sa pinagtatalunang karagatan.

Nakapagtataka ito dahil ang buong mundo ay nasa ating panig, mayroong ruling ang Arbitral Tribunal ng United Nations na kumikilala na ang sinasaklaw na bahagi ng karagatan ng China ay bahagi ng ating exclusive economic zone.

Huwag nating kalilimutan na may kontrata tayong pinasok sa mga dayuhang oil companies para humango ng langis sa WPS. Ang pagsusuko ng ating karapatan sa China ay katumbas ng pagsira natin sa kontratang nabanggit.

Ang Pangulo mismo ang dapat manindigan at sabihin sa China na sa Pilipinas ang teritoryong kanilang sinasaklaw.




PAHAYAGAN NG
Kabitenyo
ISSN-1656-0558

PAPER.Ph
MEMBER

An English-Filipino newsweekly published every Monday by Pahayagan ng Kabitenyo with Editorial and Business Office at 147 Panapaan IV, Bacoor, Cavite.
Email: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com.
Entered as Second Class Mail at Postal Region IV San Pablo City under Permit N0 200305 on May 27, 2003

**ERNA M. BALAGTAS**
Publisher

**DIOSAN MARUAL**
**KCEE NACION**
Marketing & Circulation Manager

**DIOSDADO ARIEL F. ALTO, JR.**
Editor-In-Chief

SUBSCRIPTION RATE : P1,000.00/year
Advertising Rate : P200.00/col. cm.
Legal Rate : P160.00/col. cm.

## *LINGGUHANG KAPALARAN*

TAURUS: (Abr. 20-May. 20) Magpasensyakangayon, mashabaanangpagtitimpidahilhaharapsataongmakulit. Papansinin at maa-appreciate angbagongka-kilala.Matataposanggawainsaoras. Lucky numbers at color for the day ang 43, 56, 29, 13, 31 at yellow.

GEMINI: (May. 21-Hun. 21) Merong rumor nakakalat, huwag mag-react kung walakanamankinalaman. Perokungmeron, magi-guilty ka. Lucky numbers at color for the day ang 23, 46, 58, 13, 44 at tangerine.

CANCER: (Hun. 22-Hul. 22) Good timing ang promotion sa work. Dahilmalalantad din ang cooperative component parasabagong project. Lucky numbers at color for the day ang 43, 36, 59, 12, 33 at cobalt blue.

LEO: (Hul. 23-Ago. 22) Mage-gets moangpinagdaraananngkasama. Kaya namanpipigilanangibasapanunuksosakanya. Lucky numbers at color for the day ang 53, 26, 49, 13, 35 at dollar green.

VIRGO: (Ago. 23-Set.23) Matutuklasanangisangbagaytungkolsapagkataongkakilala. Magiginginteresadokasakanya. Lucky numbers at color for the day ang 33, 46, 57, 21, 11 at cinnamon brown.

LIBRA: (Set. 24-Okt. 23) Magagawamongmabalanseang responsibilities sapamilya at sa work. Kaya masmae-enjoy ang "me time". Lucky numbers at color for the day ang 53, 46, 39, 13, 33 at raspberry red.

SCORPIO: (Okt. 24-Nob. 22) Binagomoang style ng art of listening, namagbibigayng guide saibaparalumagorin. Lucky numbers at color for the day ang 23, 36, 49, 26, 55 at mango orange.

SAGITTARIUS: (Nob. 23-Dis. 21) Masaya angiyong work plan. Ngayonmo mas maa-appreciate angbahagingmgataosaiyongpaligid. Lucky numbers at color for the day ang 44, 28, 52, 11, 33 at cyan blue.

CAPRICORN: (Dis. 22-Ene. 19) Masaya angiyong acceptance na mag-explore ng potentials. Ang creative expression mo ay produktibo. Lucky numbers at color for the day ang 23, 36, 49, 55, 45 at amethyst violet.

AQUARIUS: (Ene. 20-Peb. 18) Magiging fulfilled kasaiyong goals, lalonaangtungkolsapagpapakasal. Happy ka. Lucky numbers at color for the day ang 53, 36, 49, 12, 22 at egg yellow.

PISCES: (Peb. 19-Mar. 20) Maaakitmongayonang perfect rich partner. Matutupadanglahatngmgapangarap. Lucky numbers at color for the day ang 43, 36, 29, 51, 22 at crimson red.

ARIES: (Mar. 21-Abr. 19) Ikawangmangungunasalahat. Maramianggagayasa'yo.Posiblengmaging icon in the making ka. Lucky numbers at color for the day ang 33, 26, 49, 51, 16 at sapphire blue.

# TESDA bats for special training for Filipino virtual assistants

By TESDA

Technical Education and Skills Development Authority (TESDA) Deputy Director General Aniceto "John" Bertiz III has pushed for a training program to make Filipino virtual assistants globally competitive.

Bertiz, a former lawmaker, made the proposal in response to the growing demand for Filipino virtual assistants (Vas) among companies here and abroad due to the adaption to the "new normal" brought by the pandemic.

"As the world adapts to the new normal precipitated by the global pandemic, there has been a growing demand for Virtual Assistant (VA) among companies here and abroad," he said.

"This demand for VAs around the world opens up an opportunity for skilled Filipino workers, many of whom are considered freelancers while others are hired by virtual assistant companies based in US and Canada with branches here in the Philippines," he added.

Businesses are expected to double down on new technologies and remote work will rise to 300 percent. The Philippine outsourcing services are expected to cover 15 percent of the total global outsourcing market by 2022.

Since 2003, the Philippines' outsourcing industry has maintained its impressive 20 percent annual growth rate largely due to the ability of Filipinos to consistently produce world-class products and services.

Bertiz, however, pointed out that despite the growing demand of Filipino Vas abroad, there is a little attention given to providing adequate training for them.

"Sadly, there is only one training school for VAs in the country, which offers online courses, such as social media management, digital marketing course, SEO, online booking, among many others," he said.

"A many companies and businesses are struggling to stay afloat and facing the hurdles in paying establishment rentals and huge operational costs, there is a need for the government to come up with a special training program for certified virtual assistants," he added.

Bertiz said he will push for a training program tailor-fit for Filipino Vas based on a specific industry and skills set required and/or currently in-demand by a company, stakeholders, and industry partners in local and overseas.

Filipino VAs are the most preferred and in-demand hard skills in foreign countries, such as Australia, China, Canada, Eastern Europe, United Kingdom, New Zealand, and Germany. (TESDA)

# TESDA seeks private sector partners under Enterprise-Based Training programs

By TESDA

- The Technical Education and Skills Development Authority (TESDA) has pushed for a more proactive promotion of its Enterprise-Based Training (EBT) program among industry partners to better prepare workers and learners in their respective regions.

TESDA Deputy Director General Aniceto "John" Bertiz III called on the agency's industry coordinators and administrators of TESDA Technical Institutes (TTI) to ensure active participation of private sector in the EBT Program.

"In the implementation of EBT programs, promotion and advocacy play a vital role in achieving the targeted increase in the number of implementers. We encourage you to intensify the promotion and marketing of EBT and focus on nurturing the existing partnerships," he said.

"The Industry has been our partners in implementing our TVET programs. Now, we want to utilize this platform to set a strategic direction and enable you, as our frontliners in TVET, to be the advocates in making EBT the more preferred training modality in TVET," he added.

Bertiz who oversees the partnerships and linkages at TESDA made the call during his opening remarks at the first-ever Capacity-Building Program for EBT Industry Coordinators and TTI Administration held last April 22.

This capacity-building program is in line with the agency's goal to strengthen and expand the implementation of EBT in the country and in support of the second phase of the "EBT to the Max" Implementation Plan, particularly in equipping EBT implementers.

EBT Program covers the Dual Training System (DTS)/ Dualized Training Program (DTP), Supervised Industry Learning (SIL), Apprenticeship, Learnership, Program on Accelerating Farm School Establishment (PAFSE), and In-Company or on-site training arrangements, including other industry-based training programs.

The former lawmaker also pointed out that the TVET sector is also affected by the pandemic which is evident to the downward trend in the number of participating establishments in EBT programs.

He encouraged everyone, especially those in charge of promoting the agency's programs, projects, and services, to reinvigorate their efforts in building a stronger TVET amid the challenges of the "new normal" environment.

"No one is spared from the effects of the pandemic, TVET, likewise, experienced the dent in the nation's socio-economic activities. A year after, we are all into rebuilding and reconstructing our individual and corporate lives gravely affected by the pandemic.

We've seen the potential of EBT programs as catalysts to economic activities in the pre-pandemic times.", he said.

"We can help each other get back to where we left prior to this health pandemic," he said, as he reminded industry coordinators and administrators of training institutes to set their targets this year.

As to the implementation of EBT programs, Bertiz pointed out that the set target for EBT enrollees is 56,738 while the target for EBT graduates is 51,064.

Bertiz also shared some updates on the implementation of other Technical Vocational Education and Training (TVET) programs to the local industries and sectors in the regional and provincial levels. (TESDA)

DUGONG ALAY, DUGTONG BUHAY

# Bayanihan inspired community pantries sprout in Cavite

TRECE MARTIRES CITY, Cavite (PIA) -- The Bayanihan spirit inspired by the community pantry in Maginhawa Street in Quezon City had spread like wildfire across the province with private individuals and organizations donating food to help those who are heavily affected by the quarantine.

Community pantries sprouted like mushroom in the province especially in the upland towns of Magallanes, Amadeo, and Ternate thru the efforts of Sangguniang Kabataan (SK) youth councils and other volunteers.

Fruit stand owners in the city of Tagaytay give out fruits and vegetables while a group called 'Tropang Pugon' continue to receive donations of vegetables, rice, and other food items for the weekly visit of their mobile community pantry in the different barangays in Tagaytay.

In Alfonso town, the The Sharing Table (TST) initiated by the Sahagun-Nuestro family in Barangay Sulsugin during the height of the pandemic last year was reopened. A TST will be set up in each barangay to give easy access to the residents while properly observing the minimum health protocols.

The LGU Alfonso, Liga ng mga Barangay, SK Federation, Alfonso Municipal Police Station, Samahan ng mga Barangay Kagawad, and other non-government organizations, farmers cooperative, and market vendors association in the municipality fully supported the TST.

To give back to the people for their free education as scholars, a group of students and new graduates from the Cavite State University and PUP Maragondon asked for support for contributions and donations for food items to be shared in the community pantry they set up in Barangays Halayhay and Julugan catering to fisherfolks.

"Pinag-aral kami gamit ang buwis ng taong bayan kaya oras na para magbalik ng tulong sa mamamayan," saad nila.

(We have been educated using the tax paid by the people so it's time to return the favor to them.)

Likewise, a community pantry in the City of General Trias was set up by a group of volunteers to help the local farmers of the city. A FB post by group member Xian Lozares that says "BayANIhan mula sa anihan hanggang sa hapagkainan," implied the intention of the group to help the local farmers with the purchase of their farm harvests which in turn will be shared in their community pantry.

"This way we are able to help the farmers with their livelihood and help others as well thru sharing of the farm produce," Lozares said.

Meanwhile, the stock box community pantry in the municipality of Silang put up by Marvin Garcia caught the attention of netizens with the comic tag lines that remind people to take as they need.

"We don't mean to offend anyone. So we thought of a fun way to tell them," Garcia explained.

Government agencies also joined the bandwagon of goodhearted citizens such as the BARANGAYanihan Community Pantry of the Trece Martires Component Police Station (CPS) headed by PLtCol. Jose Junar Alamo together with the Sangguniang Barangay Conchu as they gave out noodles, rice, coffee, and sardines to the residents in need.

Aside from food sharing, LTO Carmona employees distributed road safety flyers and leaflets in their Hapag Damayan Community Pantry as part of its continuing efforts to keep the road safe for all.

A notable version is the Community PlanTree of Carlo Gonzales, owner of C&K's Garden in Cavite City. His pantry offered free ornamental plants, Humic Plus Fertilizer, osmocote, hanging baskets, and even succulents to give the residents a productive and healthy hobby and keep their minds off the anxiety and depression brought by the pandemic.

The pantry was a success that he targets to have 'fruit-bearing trees' in his next Pan Tree offering. (Ruel Francisco with reports from LGU FB pages)

**Sampung Libong Pag-Asa**

SAMPUNG LIBONG PAG-ASA. Makatatanggap ng tig P10,000 na ayuda ang nasa 200 benepisyaryo mula sa pinakamahihirap na sektor sa 13 lugar sa buong bansa sa ngayong araw. Ito ay sa pangunguna ni dating Speaker Alan Peter Cayetano at mga kasamahan sa Balik sa Tamang Serbisyo (BTS) sa Kongreso movement.

Layunin ng programa na mabigyan ng pag-asa ang mga pamilyang Pilipino upang makabangon muli mula sa kawalan ng trabaho. Magagamit ang P10,000 Ayuda pambili ng pang-araw-araw na pangangailangan at bilang kapital sa pagtayo ng maliit na hanapbuhay.

Inihain nina Kuya Alan at ng mga kaalyado niya ang 10K Ayuda Bill noong Pebrero ngunit hanggang ngayon ay hindi pa rin ito naaaksyunan. Dahil dito, ang grupo na mismo ang nangunguna sa pagbibigay ng 10K Ayuda sa mga mamamayan dahil hindi na nila kayang maghintay.

PAHAYAGAN NG Kabitenyo
ISSN-1656-0558
In God We Trust
VOL. 20 NO. 10 | MAY 3 - 9, 2021 | 10.00

# PGC, LGU prep local tour guides for gradual re-opening of tourism industry

TRECE MARTIRES CITY, Cavite (PIA) --In preparation for the gradual re-opening of the tourism industry in the province, the provincial government thru the Provincial Tourism and Cultural Affairs Office (PTCAO), and the municipal government of Magallanes recently conducted a training in Basic Tour Guiding for local tour guides on March 17-19, 2021.

The three-day training, participated by about 22 LGU recognized tour guides, aimed to equip local tour guides of Magallanes with proper knowledge, enhance their communication skills to boost their self-confidence in representing their locality's natural beauty and promote the different tourism sites.

Dr. Reynaldo Jorda, a Master Trainor and a licensed tour guide of the Department of Tourism served as the resource speaker. He gave pointers and taught basic practical skills from sharing historical facts, delivering commentaries, and understanding the visitors' behaviour, needs and expectations.

During the training, participants were provided with free meals, training kits, cap and t-shirt that can used as uniform in their tour guiding duties.

Magallanes Mayor Jasmin Bautista expressed gratitude for the provincial government's initiatives in helping local tour guides that would boost the tourism industry in the town.

The Municipality of Magallanes boasts of natural resources of lush green forest and clear fresh water falls which the LGU developed for its tourism destinations such as the Buhay Forest Eco Park in Barangay San Agustin and the Utod Falls in Barangay Tua.

These tourists destinations have drawn hundreds of adventurous, and nature-loving local tourists within the province, the NCR and nearby provinces as well. (Ruel Francisco, PIA-Cavite with reports from PTCAO)

